# KAPASIYAHAN BLG. 2023-64

## "HUMIHILING SA LAHAT NG MAMUMUHUNAN SA BAYAN NG BUSTOS NA MABIGYAN NG TRABAHO ANG MGA PERSONS WITH DISABILITIES AT SPECIAL EDUCATION GRADUATES."

*May-akda:*

**Igg. Marie Niña Nikkie Perez, MA**
**Igg. Phillip Wryner B. Santos**
**at**
**Igg. Leo T. Santos**

*Ka-May-Akda:*

**Igg. Wilfredo G. Canoza**
**Igg. Aljhaneal E. Quiñones**
**Igg. Soliman C. Santos**
**Igg. Virgilio S. Paglinawan**
**Igg. Juliet DJ. Dela Cruz**

**SAPAGKA'T,** sa aktibong pakikiisa ng Pilipinas sa United Nations Convention on the Rights of Persons with Disability, patuloy na nagtataguyod ang pamahalaan ng mga polisiyang makapagbibigay trabaho at kabuhayan sa mga kababayang may kapansanan;

**SAPAGKA'T,** sa Batas Republika 10524 o mas kilalabilang "Magna Carta for Persons with Disability", walang sinumang may kapansanan ang maaaring pagdamutan ng pagkakataon upang magkaroon ng trabaho at maging produktibong mamamayan at hinihikayat na ang mga negosyong may isang daang empleyado ay nararapat maglaan ng isang porsyento sa kanilang plantilla para samga persons with disabilities;

**SAPAGKA'T,** nakasaad sa Seksyon 16 ng Kodigo ng Pamahalaang Lokal ng 1991, nararapat na mabigyan ng pagkakataon ang bawat mamamayan ng isang pamayanan na magkaroon ng trabaho o kabuhayan;

**SAPAGKA'T,** alinsunod sa United Nations Convention on the Rights of the Child, ang lahat mga batang may kapansanan ay nararapat na malayang makilahok sa progreso ng lipunan;

**SAPAGKA'T,** ayon sa Batas Republika 11650 o "Instituting a Policy of Inclusion and Services for Learners with Disabilities in Support of Inclusive Education Act", ang mga batang may kapansanan ay nararapat bigyan ng kalidad na edukasyon at pantay-pantay na oportunidad;

**SAPAGKA'T,** mayroong pambayang kautusan blg. 2017-13 na may pamagat na "isang kautusang nagbabawal ang diskriminasyon sa edad, katayuang sibil, kasarian, oryentasyong seksuwal, differently-abled persons, pananampalataya, paniniwala, relihiyon o sekta, oryentasyong politikal at sa mga taong may HIV/AIDS sa bayan ng Bustos, Bulacan";

**SAPAGKA'T,** ang Pamahalaang Bayan ng Bustos ay patuloy na nagsusumikap magpatupad ng mga polisiya na higit na nakatutok sa pagpapaunlad ng kabuhayan ng mga Bustosenyo;

**SAPAGKA'T,** ang mga mamumuhunan sa bayan ng Bustos na makikiisa sa layunin ng nasabing kapasiyahan ay dapat bigyang pagkilala Pamahalaang Bayan ng Bustos sa taunang pagdiriwang ng Minasa Festival.

**KUNG KAYA'T,** sa pagtataguyod ni **IGG. JULIET DJ. DELA CRUZ** na buong pagkakaisang sinang-ayunan ng lahat ng kasangguning dumalo sa pulong na ito.

**IPINASIYA, gaya ng dito ay IPINASISIYA**, na magalang na hilingin sa mamumuhunan sa bayan ng Bustos nabigyan ng pagkakataon magkaroon ng trabaho ang persons with disabilities at special education graduates at bigyang pagkilala ang mga mamumuhunan na kusang loob nasusunod sa kapasiyahan tuwing Minasa Festival.

**PINAGTIBAY,** ngayong ika-20 ng Marso taong Dalawang Libo at Dalawampu't Tatlo sa Bulwagang Amado S. Raymundo, Poblacion, Bustos, Bulacan.

**Marie Nina Nikkie Perez, MA**
Kasangguni

**Leo T. Santos**
Kasangguni

**Phillip Wryner B. Santos**
Kasangguni

**Juliet DJ. Dela Cruz**
Kasangguni

**Aljhaneal E. Quiñones**
Kasangguni

**Soliman C. Santos**
Kasangguni

**Wilfredo G. Canoza**
Kasangguni

**John Erick L. Perez**
Kasangguni

**Virgilio S. Paglinawan**
ABC President

**Angelica DL. Tadeo**
SK President

**PINAGTITIBAY:**

**Martin SJ. Angeles**
Pangalawang Punong Bayan at
Tagapangulo ng Sangguniang Bayan

**SERTIPIKASYON:**

Pinatutunayan ko na ang Kapasiyahang ito ay pinagtibay ng Sangguniang Bayan ngayong ika-20 ng Marso taong Dalawang Libo at Dalawampu't Tatlo.

**ATTY. GERARDO S. BRIASA**
Kalihim